Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-23 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 09 JULY 2012, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

- -

Mga Dumalo:

Konsehal Mac Arlene M. Talens - Presiding Officer Pro-Tempore'
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Arnel F. Fabon
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Lee M. Baculinao
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Camilo G. Ferreira - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jennie Leigh Q. Sarmiento - Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo:

Konsehal Elsie F. Galaran

- -

KAPASYAHAN BLG. 039
Taong 2012

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG MALIGAYA AT TAUSPUSONG PAGBATI SA PAGDIRIWANG IKA-98 TAONG ANIBERSARYO NG PAGKAKATATAG NG IGLESIA NI CRISTO SA HULYO 27, 2012.

SAPAGKAT, ang pagdiriwang ng anibersaryo ng pagkakatatag ng Iglesia ni Cristo ay isang napakahalagang kaganapan para sa mga namumuno at miyembro dahilan upang ito ay muli na namang gunitain;

SAPAGKAT, sa mahabang panahon ipinakita ng Iglesia ni Cristo ang tunay na pagkakaisa, matibay na pananampalataya at masiglang pagpapalaganap ng mga aral at salita ng Diyos;

SAPAGKAT, ang Iglesia ni Cristo, sa loob ng 98 taon ay katuwang ng pamahalaan sa pagsulong ng mga adhikain na nakabatay sa mga itinatadhana ng Saligang Batas at mga programang nagtataguyod ng kapakanan ng mamamayan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan at ang mga namumuno sa pamahalaang bayan ng Roxas ay lubos na nakikiisa sa gaganaping pag-alaala sa natatanging araw ng Iglesia ni Cristo at umaasang ang pagpapala ng Panginoon ay lagi nilang makamit sa kanilang mga gawain at layunin.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASIYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang maligaya at tauspusong pagbati sa Iglesia ni Cristo sa pagdiriwang ng kanilang anibersaryo ng pagkakatatag sa Hulyo 27, 2012.

IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Ministro Erano Lacsina ng Bagumbayan, Kgg. Ministro Limuel Nicolas ng San Aquilino, Kgg. Ministro Cornelio Cosme ng Libtong at Cantil at Kgg. Ministro Rafael Munar, Jr. ng San Mariano, lahat sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito si Kgg. Ministro Daniel N. Mangilit, Tagapangasiwa ng Distrito, Calapan City at si Kgg. Eduardo V. Manalo, Tagapamahalang Pangkalahatan, Iglesia ni Cristo Central Office, Commonwealth Avenue, Quezon City.

Pinagtibay : 09 Hulyo 2012

PINATITIBAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

MAE ARLENE M. TALENS
Acting Municipal Mayor/
Presiding Officer Pro-Tempore'

APPROVED:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Acting Municipal Mayor

Mera/071212